Polyetong Pangkatotohanan- Pangkalahatang Impormasyon
(makukuiha sa ibang mga wika)

Ano ang kanser sa suso?
Ang kanser sa suso ay isang grupo ng mga di-karaniwang selula na patuloy na tumutubo at dumadami. Sa malaon ang mga selulang ito ay maaaring mabuo bilang bukol sa suso. Kung ang kanser ay hindi tatanggalin o makokontrol ang mga selulang kanser ay maaaring kumalat sa iba pang bahagi ng katawan at maaaring maging dahilan ng pagkamatay sa bandang huli.

Ako ba ay nanganganib na masuring may kanser sa suso?
Isa sa bawat 8 kababaihan sa Australia ay magkakaroon ng kanser sa suso sa panahon ng kanilang buhay. **Ang pinakamahalagang dahilan ng panganib ng kanser sa suso ay ang pagiging babaing may edad na 50 at mahigit pa.**

Ano ang screening mammogram?
Ang screening mammogram ay isang mababang dosis na pag-X-ray ng suso ng isang babaing walang abnormalidad o pagbabago sa suso. Natutuklasan ng mga screening mammogram ang 90% ng kanser sa suso at nakakakita ng kanser sa suso na napakaliit upang maramdaman. ***Ang maagang pagtuklas ay ang iyong pinakamahusay na proteksiyon***. Bumubuti ang pagkakataon para sa isang matagumpay na paggamot kung makikita ang kanser nang mas maaga.

Gaano ako kadalas kailangang dumalo ng screening?
Inirerekomenda ang regular na pagpapa-screening mammogram tuwing makalawang taon para sa mga babaing may edad na 50 o magihit pa. Gayunpaman, sa ilang mga kalagayan inirerekomenda ang taunang pagpapa-screening mammogram.

Libre ba ang screening mammogram?
Ang BreastScreen WA ay pinondohan ng pamahalaan upang magbigay ng ***LIBRENG*** screening mammogram tuwing makalawang taon para sa mga babaing nasa edad na 50 hanggang 69. Ang mga babaing nasa edad na 40 hanggang 49 at mahigit sa 70 ay maaaring magpa-screening mammogram nang libre kung hihilingin sa BreastScreen WA. Ang screening mammogram ay ***HINDI*** makukuha sa BreastScreen WA ng mga babaing wala pa sa edad na 40.

Saan ako maaaring magpa-screening mammogram?
Ang BreastScreen WA ay may pitong serbisyo ng screening sa mga lunsod na matatagpuan sa Cannington, Fremantle, Joondalup, Midland, Mirrabooka, Perth City at Rockingham at apat na serbisyong mobile na bumibisita sa mga bayan sa kanayunan tuwing makalawang taon.

Ano ang mangyayari kung ako ay bibisita sa BreastScreen WA?
Kung ikaw ay dadalo sa serbisyong pang-screening ng BreastScreen WA inirerekomenda na ikaw ay ***magsuot ng damit na may pang-ibaba at pang-itaas, katulad ng palda o pantalon at blusa at huwag gumamit ng pulbos o pabango***. Isasagawa ang sumusunod na proseso pagdating mo sa BreastScreen WA:

1. Ikaw ay babatiin at hihilingang magpuno ng mga form para sa personal na impormasyon at pahintulot.
2. Kapag ikaw ay nakasuot na ng gown, dadalhin ka ng isang babaing radiographer sa X-ray room at tatanungin ka ng ilang mga katanungan. Pagkatapos isasasagawa niya ang ang dalawang X-ray ng bawat suso.
3. Sasabihan kang maghintay hanggang sa ma-tsek ng radiographer ang mga X-ray para sa teknikal na kalidad.
4. Sasabihin sa iyo ng radiographer kapag kumpleto na ang eksaminasyon at kung ikaw ay makakaalis na.
5. Rerepasuhin ang iyong mga X-ray ng dalawang espesyal na nagsanay na mga doktor at ipapadala sa iyo ang resulta sa loob ng 14 na araw na may trabaho.
6. Hindi bihira na ipatawag muli ang mga babae para sa karagdagang mga X-ray. Kung kinakailangan ito tatawagan ka ng Breast Assessment Nurse mula sa BreastScreen WA upang talakayin ito sa iyo.

Paano isinasagawa ang screening mammogram?

Ang suso ay maingat na ipinapatong sa makinang X-ray at pinipiga nang ilang segundo habang kinukunan ng X-ray. Kinukunan ng dalawang X-ray ang bawat suso, isa mula sa itaas at isa mula sa tagiliran. Maaaring mahigpit at hindi komportable ang pagpiga ngunit ito ay hindi dapat masakit, gayunpaman ang pagpiga ay mahalaga upang makuha ang pinakamalinaw na litrato hanggat maaari (tingnan ang litrato sa bandang kanan sa ibaba) at ginagamitan ng mababang dosis ng radiasyon.





Kung hindi pipigain ang suso ang iyong X-ray ay lalabas na
malabo



Kung pipigain ang suso ang iyong X-ray ay lalabas na
malinaw

Bakit kailangan akong magpa-screening mammogram?

Ang maagang pagkatuklas ay ang iyong pinakamahusay na proteksiyon.
Ang screening mammogram ay maaaring magligtas ng iyong buhay.

Makakagawa ng appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa 13 20 50.

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, mangyari lamang na tumawag muna sa Translating and Interpreting Service (TIS) sa 13 14 50, at hilingin na ikonekta ka sa serbisyo ng pagpapareserba ng BreastScreen WA central sa 13 20 50.

Mga pagpapareserba ng grupo

Ang mga pagpapareserba ng grupo ay maaaring gawin ng mga babaing nagnanais na dumalo bilang isang grupo. Gaya halimbawa, ang mga babaing nagsasalita ng parehong wika, mga babae sa klub o asosasyon o mga magkakaibigan ay maaaring maging komportable na magpareserba bilang isang grupo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagpapareserba ng grupo mangyari lamang na tumawag sa 13 20 50.

Mga libreng babasahin

Marami kang makukuhang libreng polyetong pang-impormasyon tungkol sa breast screening, kanser sa suso, mga babaing may pampamilyang kasaysayan ng kanser sa suso, mga implant, sakit sa suso, mga babaing may kapansanan at marami pang iba. **Upang mag-order ng mga babasahin, mangyari lamang na tumawag sa 9323 6762 o magpadala ng e-mail sa: breastscreenwa@health.wa.gov.au**

Mga babasahin/video na makukuha sa ibang wika

Ang video na 'For Me and My Family' ay makukuha sa mga wikang Arabiko, Kantones, Croatian, Ingles, Griyego, Italyano, Khmer, Macedonian, Ruso, Polis, Serbian, Espanyol, Tagalog, Turko, at Biyetnames.

Ang mga sumusunod na babasahin ay makukuha sa wikang Ingles, Arabiko, Bosnian, Intsik, Croatian, Dari, Griyego, Indonesian, Italyano, Macedonian, Malay, Polis, Portuges, Serbian, Espanyol at Biyetnames.

- *'Fact Sheet - General Information'* [Polyetong Pangkatotohanan – Pangkalahatang Impormasyon]
- *'Screening Mammography for Women with a Family History of Breast Cancer'* [Screening Mammography para sa mga Babaing may Pampamilyang Kasaysayan ng Kanser sa Suso]
- *'After your screening mammogram - What next?'* [Matapos ang iyong screening mammogram – Ano ang kasunod?]

Upang mag-order ng mga babasahin, mangyari lamang na tumawag sa 9323 6762 o magpadala ng e-mail sa: breastscreenwa@health.wa.gov.au

Helping Deliver a **Healthy WA**